# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 76*

***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:25-26 KJV)***

Kailangan nating maunawaan na ang ating pananagutan sa Dios at sa tao. Kapag nakatanggap tayo ng isang bagay kailangan nating bayaran ito o ibalik, at iyon ay kung paano tayo makikipagpayapaan sa Dios at sa tao. Tayo ay magpapatuloy ngayon sa susunod na halimbawa at pagsasalapat ng Salitang ito ni Jesus.

***9. Ang halimbawa ng balo na lumapit kay Eliseo nanghihingi sa kanya ng tulong upang maging malaya mula sa pinagkautangan na dumating upang kunin ang kanyang mga anak: "1 Sumigaw nga kay Eliseo ang isang babae na isa sa mga asawa ng mga anak ng mga propeta, na nagsasabi, Ang iyong lingkod na aking asawa ay patay na: at iyong talastas na ang iyong lingkod ay natakot sa PANGINOON: at ang pinagkautangan ay naparito upang kuning alipinin niya ang aking dalawang anak. 2 At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Anong gagawin ko sa iyo? saysayin mo sa akin; anong mayroon ka sa bahay? At sinabi niya, Ang iyong lingkod ay walang anomang bagay sa bahay liban sa isang palyok na langis. 3 Nang magkagayo'y sinabi niya, Ikaw ay yumaon, manghiram ka ng mga sisidlan sa labas sa lahat ng iyong mga kapitbahay, sa makatuwid baga'y ng mga walang lamang sisidlan; huwag kang manghiram ng kaunti. 4 At ikaw ay papasok, at ikaw at ang iyong mga anak ay magsasara ng pintuan, at iyong ibubuhos ang langis sa lahat ng sisidlang yaon; at iyong itatabi ang mapuno. 5 Sa gayo'y nilisan niya siya, at siya at ang kaniyang mga anak ay nagsara ng pintuan; kanilang dinala ang mga sisidlan sa kaniya, at kaniyang pinagbuhusan. 6 At nangyari, nang mapuno ang mga sisidlan, na kaniyang sinabi sa kaniyang anak, Dalhan mo pa ako ng isang sisidlan. At sinabi niya sa kaniya: Wala pang sisidlan. At ang langis ay tumigil. 7 Nang magkagayo'y naparoon siya, at kaniyang isinaysay sa lalake ng Dios. At kaniyang sinabi, ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (2 Hari 4:1-7 KJV)***

***Lulutasin ng Dios ang ating suliranin sa pananalapi sa pamamagitan ng pagpapayo:*** Ang Dios ay palagi nariyan upang tulungan tayo, lutasin ang ating mga suliranin, at maglaan para sa ating pang araw-araw na pangangailangan. Ngunit ang Dios ay may mga alintuntunin na kailangan nating bayaran at isalapat sa ating buhay. Kailangan nating maunawaan at tanggapin na ang pinaka mahalagang bagay na inilagay ng Dios sa lupa ay ang Kanyang simbahan at ang pinaka mahalagang bagay na kayang ibigay ng Kanyang simbahan sa sanglibutan at sa mga tao ng sanglibutang ito ay ang Salita ng Dios. Ang Salita ng Dios ay nag aalok ng payo at ng tamang payo na mas kinakailangan sa ngayon sa buhay ng mga tao. Ang pananalapi at ang pamamahala sa pananalapi ay isa sa mga paksa na napakahirap na maunawaang lubos ng marami. Bukod pa doon, marami ang hindi nakakaabot dito ang nabibiktima ng utang at pautang at nahaharap sa banta ng pagkabilanggo, mga kaso sa korte, at pang aalipin. Ang banta ng utang at pautang at mapasa katayuan ng kahirapan ay maaaring pilitin ang tao na mahulog sa mga kasalanan ng pagnanakaw, protitusyon, pangangalunya, pandaraya, krimen, at pagpatay. Ang kalalakihan at kababaihan ay maaring mahulog sa imoralidad na pakikipag ugnayan at dumadaan dito dahil sila ay tumatanggap sa pamamagitan ng naturang pananalapi.

Ang Bibliya ay ang tangi pa ring aklat na magagamit natin na maaaring magturo sa atin nang husto kung paanong pamahalaan ang ating pananalapi at kung paanong malutas ang ating mga problema sa pananalapi. Ang mga tagapagturo ng Bibliya ay dapat maging bihasa sa mga paksa na haharap sa mga pananalapi at mag alok ng payo at ipakita sa mga tao ang daan palabas ng mga kaguluhan dahil sa walang maayos na pamamahala sa pananalapi, sa kaliwanagan ng Salita ng Dios.

Sa itaas na pangyayari, mayroon tayo ngayong dukhang balo at ang kanyang dalawang anak ay binantaan na kukunin bilang mga alipin ng nagpautang. Minsan ang mga tao o maari takbuhan mo ang mga nagpapautang (maaring sila'y mga tao, ang pamahalaan, ang simbahan, o ang Dios mismo) ngunit ilagay sa iyong isip na mayroong isang Dios na huhuli sa iyo at magdidisiplina sa iyo, at maaring ibalik sa kanila kung anong kinuha mo buhat sa kanila. Ang nagpapautang ay ang panginoon sa may utang, kaya hindi ka maaring takasan, kundi kailangan mong harapin ito sa maayos na paraan. Sa Bibliya, ang nanghihiram ay alipin sa nagpapahiram. ***"Ang mayaman ay magpupuno sa dukha, at ang manghihiram ay alipin ng nagpapahiram." (Kawikaan 22:7 KJV)***

Mula sa itaas na talata at kung paanong nakialam ang Dios at nilutas ang suliranin ng balong iyon, matutunan natin ang tiyak na mga alintuntunin kung paanong lutasin ang ating mga suliranin, ibigay ang ating mga pangangailangan, at kung anong magagawa ng simbahan na magpayo at magbigay ng payo sa mga tao upang palayain mula sa gayong kasalanan at sa pagdurusa.

***1. <u>Huwag kailanman mapasautang</u>:*** Kahit na ang asawa ng balo ay isang propeta at lalaking may takot sa Dios, hindi niya ginawa ang mabuti nang siya'y nangutang ng salapi at inilagay ang kanyang pamilya at ang kanyang

mga anak sa panganib. Kapag nangutang ka inilalagay mo ang iyong pamilya at ang susunod na salinlahi sa panganib. Ang Salita ng Dios ay nagbabala sa atin na huwag gumawa ng ilang na mga bagay na magdudulot ng kapahamakan sa ating buhay. Ang pangako ng Dios ay ito, ***"1 At mangyayaring kung iyong didingging masikap ang tinig ng PANGINOON mong Dios, upang isagawa ang lahat niyang utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay itataas ka ng PANGINOON mong Dios sa lahat ng mga bansa sa lupa: 12 Bubuksan ng PANGINOON sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang buong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram." (Deutronomio 28:1, 12 KJV)***

Inihayag ng Salita ng Dios ***"at ikaw ay magpapahiram sa maraming basa, at ikaw at hindi hihiram."*** Ngunit kung susuway ka mga utos ng Dios, makikita mo ang iyong sarili sa utang at mapipilitang paulit ult na manghihiram. Kaya huwag mapasa gayong kasalanan at ilagay ang iyong sarili sa pagkakautang.

***II. <u>Ipahayag (buksan) ang problema sa pananalapi sa Dios at sa Kanyang simbahan</u>:*** Ang babae ay humiyaw sa Dios gaya ng ipinabatid niya kay Eliseo, ang lalaki ng Dios, ang kanyang kalagayan sa buhay. ***"Sumigaw nga kay Eliseo ang isang babae na isa sa mga asawa ng mga anak ng mga propeta, na nagsasabi, Ang iyong lingkod na aking asawa ay patay na: at iyong talastas na ang iyong lingkod ay natakot sa Panginoon: at ang pinagkautangan ay naparito upang kuning alipinin niya ang aking dalawang anak." (2 Hari 4:1 KJV)*** Ang kalinawan sa pagitan ng mga miyembro at ng pamunuan ng simbahan ay isang napakahalagang aspeto ng pagpapayo para sa Dios na tumulong at tulungan ang mga miyembro. Nang dumating ang babae para ipaalam kay Eliseo ang kanyang sitwasyon, nagsalita siya nang detalyado tungkol dito. Ang pagtatago ng mga katotohanan at hindi pagbubukas gayundin ang pagbibigay ng hindi wasto o maling impormasyon ay magpapaantala sa pag unawa ng simbahan sa problema at pagbibigay ng tamang solusyon.

Sa salaysay na binasa natin mula sa Bibliya, tinanong ni Eliseo ang babae, ***"At sinabi ni Eliseo sa kaniya, Anong gagawin ko sa iyo? saysayin mo sa akin; anong mayroon ka sa bahay? At sinabi niya, Ang iyong lingkod ay walang anomang bagay sa bahay liban sa isang palyok na langis." (2 Hari 4:2 KJV)*** Sumagot siya sa kanya at sinabi na siya ay walang anuman sa kanyang bahay dahil ginamit niya na ang lahat na mayroon siya sa pagbabayad niya sa mga utang. Marahil, bawat sandali na ang nagpautang ay dumarating at hinggin sa kanya na magbayad sa kanyang utang, kukuha siya ng isang piraso ng kagamitan o mga damit o mahahalagang bagay at ibibigay ang mga ito sa kanila hanggang ang panahon ay dumating na walang nang natira. Sa gayon, siya ay napilitang lumapit kay Eliseo at ipinaalam sa kanyang ang lahat ng kanyang mga suliranin. Ang pagbabayad ng tubo sa hiniram mo ay nagbabayad ka ng higit, ito ang kabayaran ng iyong kasalanan at pagsuway, at kalaunan ay magpapaalipin sa iyo at maghahantong sa iyo sa kahirapan.

Malungkot sabihin, maraming mananampalataya ang nahihiya at nahihiyang buksan ang kanilang mga suliuranin sa pananalapi dahil sa kapalaluan ay patuloy nilang itinatago ito hanggang sa sila ay mapagsamantalahan ng diyablo. Pagkatapos ay handa silang magpakumbaba at buksan ang lahat ng mga detalye ng kanilang pagdurusa at kanilang mga problema kapag sila ay na kaguluahn. Kaya naman dapat may mga daan at paraan ang simbahan para masilip ang kanilang pananalapi at masubaybayan ang kanilang pamumuhay. Bilang isang simbahan maaari nating gawin iyan sa pamamagitan ng mga mensahe mula sa Bibliya, mga pagpupulong sa pag aaral ng Bibliya, o kapag ang mga tao ay lumapit para sa pagpapayo.

***III. <u>Ang Simbahan ng Dios at ang Kanyang bayan ay dapat palaging nariyan upang gabayan at tulungan ang mga nasa suliranin ng pananalapi</u>: "At sinabi ni Eliseo sa kanya. Anong gagawin ko sa iyo?" (2 Hari 4:2 KJV)*** Ipinakita ni Eliseo ang kanyang kahandaan na makialam at lutasin ang sulirain ng babae at ng kanyang dalawang anak, Tayo bilang isang simbahan at bayan ng Dios ay kailangang ipakita ang malasakit at pag ibig para sa mga nasa kaguluhan. Si Eliseo ay isang mabuting tagapakinig sa balo at naunawaan nang maayos ang kanyang suliranin. Bago tayo magpayo sa mga tao, kailangan nating makinig nang maayos sa lahat ng mga detalye ng kanilang mga suliranin upang makilala natin kung anong solusyon sa Bibliya para suliranin ng mga tao. Tayo bilang isang simbahan, tayo bilang mga namumuno at manggagawa sa ubasan ng Dios ay may pananagutan na alagaan ang buhay ng ibang tao. Hindi tayo matatakot na tanggapin ang mga tao na may problema sa pananalapi, at gagawin natin ang sumusunod upang makatulong tayo sa iba.

***A.*** Pinag aaralan natin ang Kasulatan upang matutunan natin ang bagong mga bagay tungkol sa pamamahala sa pakikibaka sa pananalapi at kung paanong magbunga ng salapi habang patuloy tayong namumuhay sa isang makaDios na paraan.

***B.*** Namumuhay tayo sa pamamagitan ng pamantayan ng Kasulatan upang ang ating buhay ay maging isang patotoo at pagsasalarawan sa iba upang makita at sundan.

***C.*** Ibinabahagi natin ang Kasulatan sa mga nangangailangan upang lutasin ang kanilang problema sa pananalapi.

***D.*** Dapat nating ganapin ang ating pananampalataya na batay sa Kasulatan nalalaman na ang Dios ay kikilos at maglalan ng kalutasan mula sa Kasulatan. Ang gayong pananaw ay tutulong sa atin upang ibahagi ang makatotohanang solusyon na batay sa Salita ng Dios.

***E.*** Lubos nating iniiwasan ang mga solusyon na hindi sangkot ang Salita ng Dios upang ang mga taong pinayuhan ay hindi maipakitang masamang halimbawa sa iba na magpatibay ng mga solusyon sa hindi biblikal para sa kanilang mga problema sa pananalapi.

Matapos pakinggan nang maayos ni Eliseo ang babae, nagtanong siya ng dalawang tanong na nabanggit sa ibaba:

***1. "Anong gagawin ko sa iyo?" (2 Hari 4:2 KJV)*** Bakit tinanong ni Eliseo ang katanungang ito? Karaniwan, ang mga tao kapag sila'y lumalapit sa iba para sa tulong at payo, ay lumalapit na may tiyak na inaasahan at inaasahang matutupad ito. ***"Anong gagawin ko sa iyo?"*** Hindi siya sumagot sa katanungang ito. Kaya naunawaan niya na wala siyang partikular na iniisip sa inaasahan niyang gagawin ni Eliseo para sa kanya. Sa katunayan, inaasahan niya ang solusyon mula sa lalaki ng Dios para sa kanyang problema.

Ang mga taong lumalapit para sa pagpapayo ay maaring mahulog sa dalawang pangunahing pangkat. Ang unang pangkat ay ang mga magsasaysay ng kanilang problema at magtatanong para sa solusyon. Ang pangalawang pangkat ng mga tao ay lalapit sa iyo ng may kanilang sariling solusyon at inaasahan kang sasang ayon doon at sasangayunan ito kahit na ang solusyon ay wala sa Banal na Kasulatan. Kung ang kanilang isip ay nakatakda tungkol sa tiyak na mga bagay, sa gayon ang pagpapayo ay walang halaga sa kanila. Ang gayong pangkat ay mahirap na makipagkasundo at tulungan. Ang kanilang isipan ay kailangang mabago muna, at sa gayon magagawa na nating ibigay sa kanila ang kinakailangang utos. Ang gayong uri ng mga tao ay hindi kailangan ng pastor sa kanila; sa halip, nais nilang diktahan ng mga tuntunin ang mga pastor. Ang karaniwang suporta na kanilang hinahanap ay salapi. Samakatuwid ang gayong uri ng mga tao ay mapanganib na hikayatin o alukin ng payo. Ang gayong uri ng mga tao ay katulad ni Marta. Si Marta ay nagreklamo kay Jesus tungkol kay Maria at inaasahan sa Kanya na sabihin kay Maria na umalis upang tulungan siya. Diniktahan niya si Jesus kung anong dapat Niyang gawin: ***"Nguni't si Marta ay naliligalig sa maraming paglilingkod; at siya'y lumapit sa kaniya, at sinabi, Panginoon, wala bagang anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae na maglingkod na magisa? iutos mo nga sa kaniya na ako'y tulungan niya." (Lucas 10:40 KJV)*** Kailangan nating sawayin ang gayong mga tao, gaya ng pagsaway ni Jesus ay Marta bago asahan sila na makinig sa atin na sasabihin natin sa atin. ***"41 Datapuwa't sumagot ang Panginoon, at sinabi sa kaniya, Marta, Marta naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay: 42 Datapuwa't isang bagay ang kinakailangan: sapagka't pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya." (Lucas 10:41-42 KJV)***

Ang pangkat ng mga tao na mapagkumbaba at mabuting tagapakinig sa makaDios na payo ibinibigay natin sa kanila ang solusyon, at sila magiging masunurin upang isagawa ito at tayo ay masisiyahan na makita kung paanong ang Dios ay kikilos sa kanilang buhay upang lutasin ang kanilang mga suliranin.

***IV. <u>Tutulungan tayo ng Dios kung anong mayroon tayo</u>: 2. "<u>Saysayin mo sa akin; anong mayroon ka sa bahay?</u> At sinabi niya, Ang iyong lingkod ay walang anomang bagay sa bahay liban sa isang palyok na langis." (2 Hari 4:2 KJV)*** Tinanong siya ni Eliseo kung ano ang mayroon siya sa kanyang bahay. Gagamitin ng Dios ang mga bagay na nasa iyong kamay upang lutasin ang iyong mga suliranin. Kaya kailangan mong palaging isipin nang seryoso at positibo ang tungkol sa anong mayroon ka, at hindi mula sa mga bagay na wala ka. Karaniwan, kapag ang mga tao ay nahaharap sa mga sulirain, sila'y naliligaw sa pamamagitan ng saloobin na ang partikular na problema ay may paglago dahil kulang sila sa ilang mga bagay, ngunit bigo sila na mapagtanto na ang Dios ay may inilagay sa kanilang mga kamay ng tiyak na mga bagay na tutulong sa kanila upang lutasin ang suliraning iyon at magagawa nilang mapagtagumpayan ito. Ang balo ay walang pera upang magbayad, ngunit siya ay may langis at ibang mapagkukunan na maari niyang magamit upang gumawa ng salapi.

***V. <u>Huwag kailanman na isipin na walang wala ka</u>:*** Ang unang sagot ng balo sa tanong ni Eliseo ay wala siyang anuman. ***"Ang iyong lingkod ay walang anomang bagay sa bahay." (2 Hari 4:2 KJV)*** Ngunit kalaunan napagtanto niya na mayroon siya at sinabi, ***"liban sa isang palyok na langis." (2 Hari 4:2 KJV)*** Hindi mo dapat tingnan ang walang laman na bahagi ng baso kundi ang napuno na bahagi. Maraming bagay sa iyong mga kamay na minamaliit mo ang halaga, ngunit ito ang mga solusyon sa iyong mga problema. Nalaman ko na marami sa mga taong lumalapit para humingi ng payo at payo para sa kanilang mga problema sa pera ay hindi nakikita ang mga pagpapalang mayroon sila sa kanilang buhay at ang mga potensyal na mapagkukunan na ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon.

***VI. <u>Ang kaunti na mayroon ka ay gagamitin ng Dios upang lutasin ang iyong mga suliranin</u>: "liban sa isang palyok na langis." (2 Hari 4:2 KJV)*** Maaring ito ay kakaunti ngunit ito ay natatangi at mahalaga sa paningin ng Dios. Ang maliliit na bagay ay gagamitin nang maayos ayon sa mga tagubilin ng Dios na maaring maging dakilang solusyon. Ang maliit na pang araw araw na pagbawas ng mga gastos, maliit na trabaho, o kaunti pang-araw araw, lingguhan, o buwanang pag iipon ay maaaring magdala ng mga dramatikong pagbabago sa iyong katayuan sa pananalapi sa mga darating na araw. Ang kailangan lang ay ang karunungan ng Dios,

pagpapakumbaba, at pagsasagawa ng mabuting pangangasiwa batay sa mga alituntunin ng Bibliya. Ito ay walang medikal na agham. Napakasimple kung magtitiwala tayo sa Dios at susunod sa Kanya.

***VII. <u>Kailangan nating ibigay ang buong mga tagubilin</u>: "3 Nang magkagayo'y sinabi niya, Ikaw ay yumaon, manghiram sa ng mga sisidlan sa labas sa lahat ng iyong mga kapitbahay, sa makatuwid baga'y ng mga walang lamang sisidlan; huwag kang manghiram ng kaunti. 4 At ikaw ay papasok, at ikaw at ang iyong mga anak ay magsasara ng pintuan, at iyong ibubuhos ang langis sa lahat ng sisidlang yaon; at iyong itatabi ang mapuno." (2 Hari 4:3-4 KJV)*** Ibinigay ni Eliseo sa babae ang buong hakbangin na mga utos na kailangan niyang sundin. Karaniwan naming ibinibigay ang buong hakbang na dapat sundin.

a. ***"Ikaw ay yumaon, manghiram ka ng mga sisidlan sa labas sa lahat ng iyong mga kapitbahay, sa makatuwid baga'y ng mga walang lamang sisidlan; huwag kang manghiram ng kaunti." (2 Hari 4:3 KJV)*** Sinabi niya sa kanya na yumaon at humiram mula sa kanyang mga kapitbahay ng mga walang laman na sisidlan upang ilagay ang langis doon. Ito ay teknikal na isang madaling hakbang upang gawin. Ngunit kinakailangan ito ng kababaang loob at magmakaawa sa kanila para sa walang laman na sisidlan. Ang kanyang kababaang loob ay susubukin sa gayong hakbang at ang kanyang mabuting puso at ang mabuting kauganayan sa lahat sa kanyang kapitabahay ay masusubukan. Tiyak na hindi siya pupunta sa kanyang mga kapitbahay kung wala siyang mabuting pakikisama o mapayapang kaugnayan sa kanila. Hindi niya tinanggihan ang hakbang na ito at iyon ay patunay na siya ay mapagkumbaba at may mapayapang kaugnayan sa kanila. Ang mga solusyon para sa problema sa pananalapi ay magkakatotoo sa iyong buhay kung iyong kukupkupin ang tamang pag uugali. Sino ang yayaon at hihingi ng walang laman na mga sisindlan at hindi mahihiya doon? Mula sa teknikal na punto, Madali itong itanong, Ngunit kung ang isang tao ay nag iisip kung ano ang iisipin ng mga tao tungkol sa kanya at kung paano niya ito kukunin, kung gayon ito ay isang mahirap na bagay, lalo na kung hihilingin niyang manghiram nang hindi iilan. Si Eliseo, sa karunungan ng Dios, ay inilagay ang babae sa ilalim ng pagsubok. Ang makaDios na solusyon ay sosolusyunan ang mga problema sa pananalapi ay palaging hamon sa mga tao na umunlad at pagbutihin ang mas mahusay at mapagpakumbabang saloobin sa pakikitungo sa kanilang sarili at sa pakikitungo sa iba.

*b.* ***"At ikaw ay papasok, at ikaw at ang iyong mga anak ay magsasara ng pintuan, at iyong ibubuhos ang langis sa lahat ng sisidlang yaon; at iyong itatabi ang mapuno." (2 Hari 4:4 KJV)*** Inutusan ni Eliseo ang babae na tipunin ang mga sisidlan at pagkatapos ay pumunta sa kanyang bahay at isara ang pintuan. Ang utos na ito na isara ang pintuan ay may sumusunod na na pagsasalapat upang lutasin ang problema sa pananalapi:
• ***<u>Walang pangalawang opinyon</u>:*** Ang dahilan ni Eliseo na utusan siya upang isara ang pintuan ay upang ilayo siya mula sa paghahanap ng pangalawang opinyon. Maraming beses, ang solusyon para sa problema sa pananalapi ay nahahadlangan dahil sa pakikialam ng mga kaibigan o hinahanap ang pampublikong opinyon mula sa mga hindi makadios at walang karanasan sa kaunawaan nila sa mga paraan ng Dios sa pagharap sa isang partikular na sitwasyon. Kaya naman pinapayuhan ka namin na isara ang iyong facebook, na baguhin ang iyong numero sa mobile upang bumukod mula sa pang aabala.
• ***<u>Isipin ang sarili mong kapakanan:</u>*** Ang mga pagdiriwang at sosyal na mga pagtitipon ng pamilya at mga kaibigan ay makakagambala sa iyo sa pagtuon sa iyong mga kinakamit at mithiin. Ito'y magsasayang ng oras at mapagkukunan niya at mawawala ang pagtutok niya. Kailangan ang masipag at tuloy tuloy na trabaho para malutas ang mga problema sa pananalapi. ***"11 At pagaralan ninyong maging matahimik, at gawin ang inyong sariling gawain, at kayo'y mangagpagal ng inyong sariling mga kamay, na gaya ng aming ipinagbilin sa inyo; 12 Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa nangasa labas, at huwag kayong maging mapagkailangan." (1 Tesalonica 4:11-12 KJV)***
• ***<u>Kailangan ang pagkakaisa ng pamilya</u>***: Itinagubilin ng lalaki ng Dios na ang buong pamilya ay masangkot sa paglutas ng suliranin. Hindi lamang ang bilang ng mga tao ang kinakailangan sa pagkamit ng higit na mga bagay, kundi ang buong pamilya ay dapat nagkakaisa sa paglutas ng problema sa pananalapi. Maging ang mga bata ay dapat batid ang pakikibaka sa problema sa pananalapi upang matutunan nila mula sa karanasan at kabiguan ng kanilang mga magulang. Sila rin ay sasali sa panalangin at pag aayuno para malutas ang problema. Ang mga pagsubok sa pananalapi ay sisirain ang mga pamilyang hindi tumatanggap ng payo ng Dios mula sa Salita ng Dios, na binigyang-inspirasyon ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng Simbahan ng Dios. Sa ibang dako, kung itinatag ang alintuntunin ng pakikialam ng Dios, sa gayon ang gayong mga tao ay maaring maligtas, magkaisa ang pamilya, dalhin sa matatag na lupa, at simulang lumago upang maging ganap.

c. ***<u>Mga pahiwatig upang masukat ang pag unlad</u>: "at iyong itatabi ang mapuno." (2 Hari 4:4 KJV)*** Kaya binigyan niya siya ng panukat para sukatin niya ang kanyang pagsulong sa pagkamit ng kanyang layunin upang makawala sa lahat ng kanyang pagkakautang. Ang isang panukat ay dapat ibigay sa mga naghahanap ng tulong para sa kanilang problema sa pananalapi upang masukat nila ang kanilang pagsulong. Iyon ay manghihikayat sa kanila habang sila'y sumusulong, na mas masigasig na ipamuhay ang mga tagubilin na ibinigay sa kanila.

***VIII. <u>Lubusing tumalima sa tagubilin</u>: "5 Sa gayo'y nilisan niya siya, at siya at ang kaniyang mga anak ay nagsara ng pintuan; kanilang dinala ang mga sisidlan sa kaniya, at kaniyang pinagbuhusan. 6 At nangyari, nang mapuno ang mga sisidlan, na kaniyang sinabi sa kaniyang anak, Dalhan mo pa ako ng isang sisidlan.***

***At sinabi niya sa kaniya: Wala pang sisidlan. At ang langis ay tumigil." (2 Hari 4:5 KJV)*** Ang babae at ang kanyang dalawang anak na lalaki ay sakdal na tumalima sa tagubilin na ibinigay sa kanila, at makikita nating malinaw na ang langis ay huminto nang walang nang sisidlan na magagamit upang mapuno. Siya ay yumaon at isinara niya ang pintuan at ng kanyang mga anak ay sinimulang gawin ang gawain. Mula sa aking karanasan, natagpuan ko na ang mga sumusunod sa mga tagubilin ng makaDios na pagpapayo sa paghahanap ng isang solusyon sa kanilang suliranin sa pananalapi ay madaling nakakalabas sa kanilang pagkakautang habang ang mga bahagyang sumunod sila'y patuloy na nasa kaguluhan sa pananalapi. Ang bahagyang pagsunod ay pagsuway.

***IX. <u>Mag ulat at subaybayan</u>: "7 Nang magkagayo'y naparoon siya, at kaniyang isinaysay sa lalake ng Dios. At kaniyang sinabi, ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (2 Hari 4:7 KJV)*** Matapos sumunod ng babae sa buong iniutos ng lalaki ng Dios, siya ay bumalik sa kanya at iniulat ang lahat ng ginawa ng Dios sa kanyang buhay at ang pagsulong na kanyang ginawa. Siya ay bumalik para sa karagdagang mga tagubilin at direksyon. Siya ay tapat sa Dios at sa lalaki ng Dios na nagbigay sa kanya ng utos. Marami ang nakakaalam na ang Dios ay kumikilos sa kanilang buhay ay magkakaroon ng kapalaluan at lalayo sa pagsunod sa kanilang malayang landas upang malutas ang kanilang mga problema. Hindi na sila babalik para sa pagsubaybay. Maaaring mukhang maayos ang landas na iyon sa sandalling iyon, ngunit sa katagalan, hahantong ito sa pagbalik at pagpapalala ng problema nila sa pera dahil sa kakulangan ng matalinong tagubilin mula sa mga taong inilagay ng Dios sa Kanyang simbahan para sa layuning ito.
Nang bumalik ang babae, ang lalaki ng Dios ay pinayuhan siya ng sumusunod: ***"Ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (2 Hari 4:7 KJV)***

- ***"Ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis."*** Ito ay panibagong pagsubok na ibinigay ni Eliseo sa babae upang patunayan ang kanyang kababaang-loob, Na yumaon at ipagbili sa pamilihan o pumunta sa bawat pintuan ay hindi madali lalo na para sa mataas ang pagmamalaki, Ito ay pagpapakumbaba.
- ***"Bayaran mo ang iyong utang" (2 Hari 4:7 KJV)*** Ang pagtatapos ng mga utang ay dapat bigyan ng priyoridad sa pamamahala sa suliranin ng pananalapi. Ang matuwid na mga tao ay masikap magbayad ng kanilang mga utang upang maiwasan ang banta at hindi kalugod lugod sa Dios. Marami kapag pinagpala sila ng Dios ay ginagawa ang ibang mga bagay ngunit nakakalimutan nilang magbayad ng kanilang mga utang.
- ***"Mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (2 Hari 4:7 KJV)*** Ang mga salita ni Eliseo sa babae ay nagpatibay sa kanya na anuman ang mayroon siya sa sandaling iyon ay tustusan siya at ang kanyang mga anak habang sila'y nabubuhay. Hindi direkta, inutusan niya siya na huwag gumastos ng maluho at sayangin ang naiwan sa kanya, Ang aral dito ay matapos mong linisin ang mga utang, kailangan mong patuloy na magpakumbaba at magsanay ng mabuting pangangasiwa upang maiwasan ang manumbalik sa pangungutang. ***"Makinig ka ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas." (Kawikaan 19:20 KJV)***

Ang tulong ng Dios, ay sa anyo ng payo at utos, ay darating sa iyong buhay sa pamamagitan ng mapagkukunan na itinakda Niya para sa iyo. Gaya ng paggamit ng Dios kay Eliseo upang tulungan at utusan ang babae ng kung anong kinakailangan niyang gawin, uutusan ka ng Dios at ipapadala Niya sa iyo ang Kanyang payo na tutulong sa iyo upang lutasin ang iyong suliranin at tiyakin ang kinabukasan mo at ng iyong pamilya sa pamamagitan ng simbahan na inilagay ka Niya.

***<u>Ang iyong sulirain ay sisimulang malutas sa pagtanggap ng tamang mga utos</u>:*** Walang ibinigay si Eliseo sa babae sa anyo ng salapi o mteryal na mga bagay, kundi binigyan niya ito ng mga hakbanging tagubilin ng Dios. Dapat mong maunawaan na ang tamang payo ang susi sa paglutas ng iyong suliranin, Huwag umasa sa salapi o materyal na mga bagay. Ang kailangan mo ang nasa iyong mga kamay at tamang tagubilin ay ang tanging bagay na kailangan upang gamitin ito.
***Sa aking mahal at minamhal:*** Ang Dios ay may mabuting plano para sa iyo; upang pasaganain ka at hindi upang saktan ka at bigyan ka ng pag asa at kinabukasan. Ang suliranin na kinakaharap mo ngayon ay lulutasin ng Dios at ang solusyon na inaalok Niya ay magtataguyod sa iyo habang buhay kung handa kang lubos na sumunod sa Salita ng Dios.

Ang presensya ng Dios sa iyong buhay ay iyong talagang kailangan. Ang kakaunting langis na nasa balo ay lumutas sa kanyang suliranin. Ang langis ay tanda ng presenya ng Banal na Espiritu sa iyong buhay. Kapag nahaharap ka sa kaguluhan, sa gayon kailangan mong anyayahan ang Banal na Espiritu at hayaang siyang kumilos sa iyong buhay; kailangan mong makinig sa Kanya at sumunod sa Kanya upang alisin ka Niya sa iyong kaguluhan, Tayo bilang Simbahan ng Dios at mga lingkod ng Dios at mga tagapagturo ng Salita ng Dios ay handang gawin ang sumusunod para sa iyo: ***A.*** Makikinig kaming mabuti sa iyong suliranin sa pananalapi. ***B.*** Kami'y handa at handang ibigay sa iyo ang tamang payo sa Bibliya at kung ano ang kailangan mo nang hakbangin sa isang malinaw na paraan upang malutas ang iyong problema sa pananalapi, ***C.*** Kami ay tatayo nang matatag sa tabi mo nang hindi natitinag. Hindi siya binigyan ni Eliseo ng pera ni hindi rin niya binayaran

ang utang nito bagkus ay binigyan niya ito ng tamang payo. Siguradong malulutas ang iyong problema kapag malinaw mong sinunod ang mga tagubilin. Sinunod ng balo ang mga tagubilin ni Eliseo at natagpuan niya ang kanyang sarili na walang utang at nananatili pa rin siyang tutulungan at susuportahan sa buhay. ***D.*** Hinihikayat ka namin na ipamuhay ang pananamapalataya na ang Dios ang tutulong sa iyo at lulutasin ang iyong suliranin sa pananalapi kapag sinunod mo ang Salita ng Dios at sinunod ang mga tagubilin na ibinigay namin sa iyo. ***E.*** Mag aalok ng mga payo batay sa mga alituntunin ng Bibliya na may kaugnayan sa mga bagay na pinansyal at susuportahan ka sa pamamagitan ng kasaganaan at kahirapan upang tapusin ang iyong problema sa pananalapi batay sa Kasulatan at sa iyong pagsunod sa Salita ng Dios at sa kalooban ng Dios.

Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at maging handa na sumunod sa Salita ni Jesus upang managot at bayaran mo kung anong nararapat sa Dios at sa tao. Maging handang sumunod sa mensahe at maging hand ana mapayuhan upang lutasin ang problema mo sa pera upang mamuhay ka sa pagsunod sa plano ng Dios para sa iyo at sa iyong pamilya. Sundin ang mensahe, lumapit buksan ang pakikibaka na iyong pinagdadaanan upang makatanggap ng mga payo na makakatulong sa iyo at magtuturo sa iyo upang malutas ang iyong mga problema sa pananalapi at alisin ka sa iyong pakikibaka. Magpakumbaba ka upang makatanggap ka ng biyaya at awa kasama ang angkop na tagubilin ng Bibliya na tutulong sa iyo na mamuhay nang walang utang.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Ako'y nagpapasalamat Panginoon sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang kadahilanan para sa aking pakikibaka sa pananalapi at ang daan na itinakda mo sa harap ko upang makalabas sa ganoong pakikibaka.*

*Ipagtapat at talikuran ang sumusunod na mga kasalanan; ang pangungutang ng salapi at paglalagay sa iyong sarili sa utang, paggastos ng higit, kawalan ng pagbubudget at kawalan ng pangangasiwa, pagmamalaki, kawalan ng kababaang loob, walang kagustuhang buksan ang iyong suliranin sa simbahan at tanggapin ang mga payo, atbp. Panginoon ipinakukumbaba ko ang aking sarili sa iyong harapan, ipinapahayag at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan* ________________________________

*Panginoon handang kong buksan ang aking pakikibaka sa pananalapi sa iyong simbahan upang matanggap ko ang payo at solusyon mula sa Bibliya. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na mamuhay sa nilalaman ng mensaheng ito at ituro sa iba ang daan ng pagsunod at sa kalooban ng Dios, sa pagtatakda ng aking sarili na maging isang mabuting halimbawa sa kanila na kanilang makikita at susundan.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at mamuhay sa plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon bigyan mo kami ng karunungan na ibigay sa kanila ang tamang payo na tutulong sa kanila na makawala sa kanilang paghihirap. Panginoon protektahan sila, itaguyod sila, at ibigay ang lahat ng kanilang kailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob upang patuloy at paglingkuran ka. Panginoon tulungan kami na mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa, at pa ging dapatin kaming magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, suma amin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu Santo, ay mapasa ating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 76. Bayaran ang iyong mga paglabag. Lulutasin ng Dios ang ating mga suliranin sa pamamagitan ng pagpapayo ng simbahan. Mateo 5:25-26. 2 Hari 4:1-7. Kawikaan 22:7. Deutronomio 28:1, 12. Lucas 10:40-42. 1 Tesalonica 4:11-12. Kawikaan 19:20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com